# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija




## Diwa ng KOOPERATIBA

ISSN 2507-8933
Tomo 8, Blg. 1 | 2023
Unang Isyu

# Karbaw

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED:ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

**Tomo 8, Blg. 1 | 2023**
Unang Isyu

PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** RONALINE C. CANUTE, MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RHEA MAE B. RUBA, DINE YVE D. DAGANOS
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapayo** CARO B. SALCES

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.

**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0734•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•(+63) (077) 792.3187 •(+63) 927.965.5724 •Email: pccmmsu@gmail.com **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pccpiat07@yahoo.com**DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pccdmmmsu2020@gmail.com **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pccclsu@gmail.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Mobile No.: (+63) 908.811.2841 •Email: pccuplb@gmail.com **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Telephone No.: (+63)(053 563.7649 •Mobile No.: (+63) 917.145.4772 | (+63) 908.895.2461 •Email: pccvsu@gmail.com **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pccwvsu@yahoo.com **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcclcsf@yahoo.com **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pccusf.ubay@yahoo.com **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668| (+63) 906.726.0979 •Email: pcc_mlpc09@yahoo.com **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pccmusuan@yahoo.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: usm_pcc@yahoo.com

## MGA NILALAMAN

3 Ang espesyal na bunga sa pagiging kakaiba

6 Mga Muhon ng DA-PCC sa nilakarang 30 taon

12 Pinagpala upang maging pagpapala

14 Tungo sa malusog at masulong na komunidad

16 Hindi CAMPC sumuko




**PALIWANAG SA PABALAT**

Maituturing na isang natatanging kooperatiba ang San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative sa Tanjay, Negros Oriental dahil sa kooperasyon at pagkakaisa ng mga miyembro nito na maglakas-loob pasukin ang negosyo sa pagkakalabawan na kalauna'y naging susi upang maisakatuparan ang mga pangarap na binuo ng kanilang kooperatiba—ang masaganang kabuhayan at maunlad na samahan.

(LARAWANG KUHA NI **ROWENA GALANG-BUMANLAG**)



# ANG ESPESYAL NA BUNGA NG PAGIGING *kakaiba*

NI **RHEA MAE RUBA**

**Isa sa kapana-panabik na hakbang ng isang tao ang ibahin ang kanyang tinatahak na daan sa nakasanayang landas ng kanyang nasa paligid. Maituturing na isang matapang at dalubhasang mamamayan ang gumagawa nito sapagka't nakikita niya na mayroong espesyal na bunga sa pagiging kakaiba.**

O' kay tayog ng pangarap na binuo ng San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative sa Tanjay, Negros Oriental sa pagtatayo ng isang negosyong gatasan sa kanilang probinsyang nakasanayan nang tangkilikin ang mga produkto mula sa malawak na lupain ng tubuhan. Nguni't bago ito mangyari, minsan ding nakiagos ang kooperatiba sa daloy ng kanilang paligid.

Taong 1982, nagkaisa ang mga naunang pinuno ng kooperatibang ito na suungin ang larangan ng negosyong tubuhan sapagka't naniniwala silang papatok ito sa mga mamamayan, tulad ng pagtangkilik ng ibang mga negosyanteng nagsimula rin dito.

Tila mataas nga naman ang potensyal na kumita ang negosyong tubuhan, sapagka't naaangkop itong itanim sa klase ng lupa at klima sa probinsya na s'ya nga namang nagiging pangunahing pinagkakakitaan ng buong kumunidad. Marami ring bagay ang maaaring magawa sa pagtutubuhan, kagaya na lamang ng pangunahing produkto nito na asukal na madalas na makikita sa kusina ng mga Pilipino upang gamiting sangkap sa iba't ibang pagkain at inumin.

Sa mga nakalahad na pakinabang ng tubuhan, naglakas-loob ang kooperatiba na pasukin na rin ang negosyong ito. Nagsimula sila sa maliit na puhunan na s'yang pinamahalaan ng kanilang 15 na miyembro. Mula rito, kailangan nilang ilaan ang kanilang nalikom na salapi para ipundar sa mga makinarya at gamit sa tubuhan.

Sa simula pa lamang nasubok na ang determinasyon ng mga pinuno ng kooperatiba kung paano ipakikilala ang kanilang nagsisimulang negosyo dahil marami na ring kilalang nagnenegosyo sa tubuhan sa kanilang probinsya na s'yang nagiging kakompitensya ng kooperatiba para palaguin ang kanilang puhunan.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



Upang mapanghawakan ang pagsisimula ng kooperatiba, naisipan din nilang isama sa kanilang negosyo ang micro-lending at Common Service Facility (CSF) operation. Ang mga negosyong ito na pagpapahiram ng pera at pagpaparenta ng mga makinarya tulad ng trak at traktora ay nakatulong din para mapadali ang pagpapakilala ng kooperatiba sa kanilang lipunan.

Sa kabila ng mga ginawang pagpupursige ng kooperatiba, tila hindi pa rin matanaw ng mga kasapi ang kanilang itinayong pangarap na maging isang maunlad na samahan. Nguni't umaasa sila na balang araw magkakaroon din ng pagbabago sa kanilang estado.

Taong 2019, nagsimula nang matupad ang mithiin ng kooperatiba sapagka't nakadiskubre ang kanilang General Manager na si George Yleaña ng isang kakaibang negosyo para sa kanilang probinsya. Ito ang produksyon ng dairy buffalo. Naging interesado rito si Yleaña sapagka't nakita niya ang potensyal na kita sa merkado ng industriyang kalabawan at gatasan sa kanyang mga dinaluhang panayam sa Tanjay.

Umayon din ang kapalaran sa kooperatiba sapagka't napili sila bilang benepisyaryo ng Carabao-Based Business Improvement Network (CBIN), na s'yang tumulong upang magkaroon sila ng mga kalabaw at kagamitan para sa pag-aalaga at pagpaparami nito. Dito naglakas loob ang kooperatibang simulan ang produksyon ng gatasan sa kanilang probinsya dahil malaki ang paniniwala nilang may hatid itong swerte sa kanilang negosyo.

Pinagsikapan ng kooperatiba na maitayo ang negosyong pagkakalabawan sa kanilang probinsya. Sa kaunti lamang na panahon, nagawa nilang pasimulan ang isang dairy processing plant sa kanilang munting opisina noong Marso 2020. Ang maliit na espasyo na ito para sa produksyon ng gatas ang nagsilbing inspirasyon ng kooperatiba para tiyagaing ibahagi sa kanilang lugar ang benepisyong nakapaloob sa negosyong ito. Bunga nito, nagkaroon sila ng kasunduan sa DSWD at DepEd noong Disyembre 2020 upang maging supplier ng gatas para sa milk feeding program (MFP).

Sa pagpasok nila sa MFP, dumami ang nakakilala sa kooperatiba sapagka't naibabahagi nito ang mga sariwang gatas sa iba't ibang lugar sa probinsya ng Negros Occidental. Sa tulong ng DepEd, nakapagbibigay ito ng mga gatas sa mga paaralang nasa Isabela, Binalbagan, Sipalay, Ilog, Cauayan, at Kabankalan. Samantala, sa tulong naman ng DSWD, nakapagbibigay rin ito ng gatas sa mga paaralang nasa Bacolod. Sa kabilang banda, inaasikaso na rin ng kooperatiba ang kanilang kasunduan sa DepEd at DSWD upang maging supplier din ng MFP sa probinsya ng Negros Oriental.

Napagpasyahan ng kooperatiba na ipunin ang kanilang kita sa MFP upang ilaan sa pagbili ng mga kagamitan na makatutulong sa kanilang negosyo. Sa patuloy na pagtitiyaga ng kooperatiba, napadami nila ang mga kalabaw na umabot na sa bilang na 78, kung saan 70 ang mga babae at 8 naman ang mga lalaki. Mula rito, nakakakuha na ang kooperatiba ng 30 litrong gatas ng kalabaw, na ipinagbibili nila ng PHP105 kada litro.

Sa paglago ng dairy farming at processing sa kanilang komunidad, nagdulot ito ng umaapaw na biyaya sa kooperatiba ng San Julio. Dahil dito, nakapagpundar sila ng mga materyales at makinarya na maaari nilang gamitin para sa produksyon ng gatas at pagpaparami ng kalabaw. Dagdag pa, nakatulong din ang industriyang gatasan upang makabili sila ng mga makabagong



kagamitan at sasakyan para masuportahan din ang kanilang tubuhan.

Taong 2021, sa buwan ng Hunyo, nakamit ng kooperatiba ang isa nitong matagal ng pinapangarap, ang makapagpatayo ng kongkreto at komportableng gusali para sa dairy processing. Napili nila itong itayo sa gitna ng lupain ng mga tubuhan na s'ya nga namang nagbigay ng kakaibang impresyon sa gatasan at kalabawan. Bukod sa nagmukha itong espesyal, sinigurado rin ni Yleaña na ang lugar na ito ay ligtas sa mga polusyon dahil malayo ito sa mga lungsod na maraming bahay at iba't ibang gusali.

Samakatuwid, nararanasan na ng kooperatiba at miyembro nito ang kaunlaran dahil sa negosyong paggagatasan na nagbibigay ng siguradong kita. Sa katunayan, makikita na ang pag-angat nito sa paglaki ng bilang ng mga miyembro na dati ay binubuo lamang ng 15 katao at ngayon ay binubuo na ng 142.

"Dati isa akong trabahador sa factory. Pinagtitiyagaan ko ang lahat ng hirap na dinaranas ko mula sa trabaho na 'yon para lang kumita ako ng pera. Kaya naman masasabi ko na mas pinagpala ako nang mapasok ako rito sa kooperatiba. Ngayong nagtratrabaho na ako sa dairying, hindi na ganoon kahirap ang mga responsibilidad na nakapatong sa akin. Mas maayos pa ang kinikita ko. At kahit na babae ako, may kakayahan na akong makatulong ng sapat para sa pamilya ko," ani Renalie Quimada, dairy farmworker.

Sa tulong din ng negosyong paggagatasan, nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanilang kita ang kooperatiba. Noon, ang kinikita lamang nito ay PHP11 milyon. Ngayon ay kumikita na ito ng PHP45 milyon.

Masasabing mayroon nang matatag na pundasyon ang kooperatiba. Patunay rito ang mga natutulungang manggagawa ng kooperatiba upang magkaroon ng kita mula sa paggagatasan na s'yang nakatutulong sa pang araw-araw nilang gastusin, dagdag pa ang panustos pang-edukasyon at pampagamot ng kanilang pamilya.

Sa tinatamasang grasya ng kooperatiba, hindi lang indibidwal na tao ang nababahagian nito kundi pati na rin ang buong komunidad. Sa katunayan, mayroon na silang inilalaan na pondo bilang donasyon sa mga paaralan at simbahan. Maliban dito, tumulong din ang kooperatiba noong panahon ng pandemya sa pamamagitan ng pagbibigay nito ng libreng gatas sa mga frontliners.

Sa mga napagtatagumpayan ng kooperatiba, naniniwala si Yleaña na kakaibang kapalaran ang hinatid ng industriya ng kalabawan at gatasan sa kanilang kooperatiba. Ito ang bagong larangang nagpabago ng kanilang direksyon.



**"Maipagmamalaki ko lang sa aming mga miyembro sa kooperatiba ang pagkakaroon ng ganitong mga pasilidad na hindi basta-basta lang maitatayo ng isang agrarian cooperative. Dahil din sa dairy processing, nakabili kami ng traktora na ginagamit sa tubuhan at nakatulong sa pinansyal na pangangailangan ng mga myembro."**

**GEORGE YLEAÑA**

**General Manager**

**San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative**

# MGA MUHON NG DA-PCC SA NILAKARANG 30 taon



Ang ika-30 taong pagkakatatag ng Philippine Carabao Center bilang pangunahing institusyon ng pananaliksik at pag-unlad ay isa sa mga muhon ng tagumpay na ipinagmamalaki nito. Ganito kalayo ang narating ng ahensiya dahil sa matibay at solidong direksiyon nito, kabilang ang mga estratehiyang ipinatutupad ng mga kawani, kabalikat na mga ahensiya at mga indibidwal. Nguni't ang lahat ng mga ito ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa pundasyong inilatag na ng mga "haligi" at "tagapanguna" sa pagpapaunlad ng industriya ng kalabaw bago pa man naitatag ang DA-PCC noong 1992 at kalakip ang mga unang taon ng pagkakabuo nito.




1993-
1997

# 1993-1997

## MGA UNANG TAON NG PAGKAKATATAG

Ito ang mga taon ng pagsibol ng Philippine Carabao Center. Nagsimula ang operasyon nito noong 1993, matapos na lagdaan ang Republic Act 7307 o Philippine Carabao Act of 1992 noong Marso 27, 1992, at matapos ilunsad ng noo'y Presidente Fidel V. Ramos ang National Carabao Development Program sa sumunod na taon. Noong una ay may animang sangay na panrehiyon ang DA-PCC sa buong bansa hanggang sa madagdagan ito ng pito pang sangay noong 1994. Sa mga panahong ito, nag-angkat din ang DA-PCC ng 220 American Murrah Buffaloes at 403 Bulgarian Murrah Buffaloes. Nakapagprodyus ng mga 'testtube' na bulo mula sa in vitro fertilized/in vitro matured na embryo at naitindig din ang national headquarters and gene pool facilities sa Nueva Ecija. Ang iba pang mga aktibidades na naganap sa mga taong ito ay ang pagiging host ng DA-PCC sa 2nd Asian Buffalo Congress at paglulunsad ng Carabao-based Enterprise Development (CBED) Program.




# 1998-2002

# 2003-2007







# 2008-2012

## 1998-2002

### INSTITUSYONALISASYON NG CARABAO UPGRADING AT ENTERPRISE DEVELOPMENT

Sa panahong ito naitatag ang CBED sa pamamagitan ng ikalawang yugto ng paglulunsad ng Carabao Development Program na pinangunahan ng noo'y Presidente Joseph E. Estrada.

Ang iba pang mga muhon ng DA-PCC sa mga taong ito ay ang pag-angkat ng 1,078 Bulgarian Murrah Buffaloes; groundbreaking ceremony at pagpapasinaya ng research and training facilities ng DA-PCC; pagpirma ng gobyerno ng Pilipinas at Japan sa "Water Buffalo and Beef Cattle Improvement Project" (WBBCIP), isang proyektong naglalayon na pagbutihin ang productivity ng kalabaw at baka; pagkakaroon ng satellite laboratory para sa reproductive biotechniques sa kalabaw sa pasilidad ng Frigorifico Allana Limited sa Aurangabad, India; at pagdadala sa Pilipinas ng vitrified IVM/IVF-derived na embryo na nabuo sa India at ito ay inilipat sa mga BMB na babaeng kalabaw sa national gene pool ng DA-PCC at sa kalapit na barangay.

Sa panahon ding ito ipinanganak ang unang bulo na nabuo mula sa in-vitro produced-vitrified-warmed embryo. Kasabay nito ang ika-55 kaarawan ng dating Presidente Gloria M. Arroyo kaya't pinangalanan itong "Glory".

## 2003-2007

### PAGSUNOD SA INTERNATIONAL QUALITY STANDARDS

Pagsesertipika ng DA-PCC sa ilalim ng International Organization of Standardization (ISO) 9001:2000. Ang ahensiya ay pumasa sa kabila ng mahigpit na pagsusuri na isinagawa ng SGS (Societe' Generale Surveillance) Philippines.

Ang iba pang mga muhon ng ahensiya sa mga taong ito ay: ipinanganak ang kambal na bulo mula sa mga embryo na in vitro-fertilized; nagsilbing host ang DA-PCC sa 7th World Buffalo Congress; binigyan ng Bureau of Food and Drugs ang DA-PCC ng manufacturing license para sa gatas at keso; ipinatupad ang mga proyektong "Expanding the Reach of AI Program for the Acceleration of Dairy Herd Build-Up" at "Environmental Animal Health Management"; inilunsad ang librong "Changing Lives…Beyond the Draft Carabao"; mas pinaigting ang mga gawaing pananaliksik lalo na sa larangan ng reproductive biotechnology; at pagkakatatag ng DA-PCC Molecular Genetics Laboratory (MGL).

Sa mga panahon ding ito sinimulan ng DA-PCC ang pakikipagtulungan sa Korea International Cooperation Agency (KOICA).

## 2008-2012

### PAGTATALAGA BILANG PANGUNAHING INSTITUSYON SA LIVESTOCK R&D

Sa mga taong ito nagsimula ang DA-PCC na manguna sa biotechnology R&D sa iba pang mga klase ng livestock bilang resulta ng karagdagang mandato nito mula sa DA.

Ang iba pang mga muhon ng ahensiya sa mga taong ito ay: mas lumawak at tumatag ang pagtutulungan ng DA-PCC at KOICA; infusion ng genetic materials para sa gatasang kalabaw; inilunsad ang International Buffalo Knowledge Resource Services (IBKRS) website; pagiging miyembro ng DA-PCC sa International Buffalo Consortium; nagbigay ang DA-PCC ng "international study program on livestock" sa ilalim ng JICA-TCTP; inagurasyon ng "Central Milk Collecting and Processing Facility"; binuksan sa publiko ang "Milka Krem"; isinagawa ng JICA at DA-PCC ang Third Country Training Program para sa Myanmar; nagsilbing host sa 9th ARBS Conference; at inagurasyon ng mga bagong pasilidad ng DA-PCC. Taong 2008 din nang kinilala ang DA-PCC bilang "Most Outstanding Research Institution" at ginawaran ng "Tanglaw Award" ng PCAARRD.

2013-2017



2018-2022



## 2013-2017

### RASYONALISASYON AT STRATEGIC SHIFT SA PAGSASAKATUPARAN NG PROGRAMA

Ito ang mga taon nang simulan ng DA-PCC na isakatwiran at ilipat ang pokus nito mula sa pagiging isang "R&D institution" sa pagiging "R4D agency". Ito'y alinsunod sa pagbabagong naging dulot ng rationalization program ng Department of Agriculture.

Maliban sa pagtutuon ng adyenda nito sa pananaliksik noong 2014, sa taon ding ito hinirang si Dr. Arnel del Barrio bilang bagong Executive Director ng DA-PCC pagkatapos magretiro ni Dr. Libertado C. Cruz na nagsilbi sa ahensiya sa loob ng 21 taon.

Sa mga taon ding ito nag-angkat ang DA-PCC ng Italian Mediterranean Buffaloes; itinatag at pinasinayaan ang mga pasilidad na tulad ng AI bull farms, semen laboratories at Livestock Innovations and Biotechnology Complex; inilunsad ang dairy buffalo multiplier farm module, milk supplementation program, Dairy Box, Milka Krem outlet sa Laguna; naghost at nagsagawa ng National Carabao Conference, International Training on Reproductive Biotechnology, National Knowledge Sharing Forum at International Conference on CBED; pinangunahan ang Farmers Livestock School sa gatasang kalabaw, at iba pa.

## 2018-2022

### SHARED VALUE CREATION SA INDUSTRIYA NG PAGKAKALABAW AT DIGITALISASYON NG MGA SERBISYO

Sa mga taong ito nakipagtulungan at nakipag-ugnayan ang ahensya sa mahigit 60 provincial governments at conduit farmers' cooperatives na nakasasakop sa 80 project sites para sa pagsasakatuparan ng province-wide at value chain approach ng CBED sa pamamagitan ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) at Coconut-Carabao Development Project (CCDP). Ang mga proyektong ito ay pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

Alinsunod sa RA 11037 o Masustansyang Pagkain Para sa Batang Pilipino Act na nilagdaan noong 2018, buong-suporta ang DA-PCC sa Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa implementasyon ng National Milk Feeding at Supplemental Feeding Program components nito, na may layong matugunan ang isyu ng malnutrisyon sa mga batang nasa grade schools at day care centers at magbukas din ng oportunidad para magkaroon ng mapagkakakitaan ang mga kooperatiba at asosasyon ng maggagatas. Sa pakikipagsangguni sa mga industry stakeholders, nakapagbalangkas din ang ahensya ng Carabao Industry Road Map nito mula 2022 hanggang 2026. Ito ay nagsisilbing medium-term strategic plan para sa mga etratehikong mga pamamaraan at hakbang sa pagpapalago at pagpapaunlad pa ng industriya ng pagkakalabaw sa pamamagitan ng genetic improvement, enterprise development, at research for development.

Sa panahon ding ito nagsimula ang digitalisasyon ng iba't ibang mga serbisyo ng DA-PCC katulad ng iREB client dashboard (isang online interface na nagpapakita ng business performance data ng mga naka-enrol na mga magkakalabaw); Knowledge Portal (isang one-stop online platform para sa mga knowledge products ng DA-PCC); Cara-Aralan Webinar Series (live-streamed via Facebook); at piloting at rolling out ng KBGAN (Knowledge Brokerage, Guidance, and Advisory Network) mobile apps (iHealth at iFeed) para gamitin ng mga extension professionals at farm managers.

Ang iba pang mga muhon sa panahong ito ay ang mga sumusunod: launching ng Intellectual Property and Technology Business Management Office ng ahensya sa pakikipagtulungan ng DOST-PCAARRD; launching at hosting ng National Livestock Cryobank; at launching ng home-grown "Philippine buffalo" breed o "Pinoy Buffalo", na produkto ng crossbreeding at sunud-sunod na backcrossing sa apat na henerasyon. Sa kasalukuyan, ang mga bulugang ito ay kasali na sa talaan ng mga kwalipikadong donors ng semilya para sa intensified AI program ng DA-PCC. Samantala, ang institutional herd ng DA-PCC sa Cagayan State University ay siyang naging kauna-unahang government-operated carabao farm na nakatanggap ng National Good Animal Husbandry Practices (GAHP) Certification mula sa DA-BAI.



# Pinagpala pang maging pagpapala



NI **RONALINE CANUTE**

Masayang tinanggap ni Alvin Virtucio at iba pang miyembro ng The Rosario Livestock Agricultural Farming Cooperative (TRLAFCO) sa Rosario, Batangas ang kanilang gantimpala at sertipiko bilang Outstanding Dairy Buffalo Cooperative noong ika-walong National Carabao Conference.

Kasabay ng pag-flash ng camera ay nag-flashback din sa kanilang mga alaala ang pagsisimula ng ko-op na sama-sama nilang itinatag at ipinagpatuloy.

Ang Batangas ay kilala sa sikat na kapeng barako nito. Ang kapeng ito ay may kakaibang linamnam, may kakaibang lasap, at tapang. Sinasalamin nito ang bawa't miyembro ng TRLAFCO na matatapang na humaharap sa anumang hamon sa kanilang samahan.

Ang kanilang lalawigan ay nabiyayaan ng matabang lupa kaya't nagtanim sila ng palay, mais, niyog, at mga gulay at nagkaroon din sila ng negosyo sa babuyan. Nguni't ang kanilang kita ay hindi naging sapat upang sustentuhan ang kanilang ko-op dahil mababa ang presyo sa palengke.

"Mahal ang farm inputs pero napakamura ng selling value. Halimbawa sa palay, kailangan mong magbanat ng buto pero mura kapag anihan. Maliit lang at minsan ay wala nang maiiwang kikitain ang magsasaka," ani Alvin.

Sa inisyatiba ng DA-PCC sa UPLB, naipakilala sa TRLAFCO ang dairy farming noong 2013. Nang sumunod na taon ay nagsimula silang gumawa at mangolekta ng gatas mula sa alagang kalabaw ng kanilang mga miyembro. Ang bawa't litro ay binibili nila ng PHP40 pero ngayon, umaabot na ng PHP70 hanggang PHP75 kada litro.

Ayon kay Alvin, walang mahirap sa pag-aalaga ng kalabaw basta masipag kang gumising ng maaga para paliguan at pakainin sila.

"Kailangang magkaroon tayo ng mindset na sa bawa't minutong ginugugol natin sa pagkakalabaw ay may katumbas na salapi," dagdag pa niya.

Noong 2018, marami sa kanilang miyembro ang nagkainteres sa pagkakalabaw kaya ang dati nilang pangalang Barangay Agricultural and Fisheries Council (BAFC) ay naging TRLAFCO.

Naging maayos ang daloy ng kanilang ko-op hanggang sa nagkaroon ng pandemya na sumubok sa kanilang tibay.

Ang manager ng TRLAFCO na si Catherine Santiago ang nagsalaysay sa mga hamon na isa-isa nilang nalampasan.

"Natakot kami na lumabas dahil baka makahawa kami sa aming mga pamilya pero nag-aalala rin kami na kapag hindi kami lalabas, ano kaya ang mangyayari sa ko-op?" pagbabalik-tanaw ni Catherine.

Naalala niya ang panahong tanging sasakyan lang nila ang tumatakbo sa kahabaan ng EDSA noong lockdown para mangolekta at maghatid ng gatas. Gayunpaman, siya at ang kanyang team ay nanatiling nakatuon sa kanilang trabaho dahil nais nilang wala kahit isang dairy farmer ang mapag-iwanan.

"Hindi namin alam kung paano namin nagawa. Nagdasal lang kami at inisip na sa ginagawa namin ay meron kaming natutulungang pamilya ng mga magsasaka," kwento ng emosyonal nang si Catherine.

Umayon din si Alvin na humuhugot sila ng inspirasyon na meron silang natutulungang lokal ng Rosario. Ang tanging problema nila ngayon ay kung sino ang magpapatuloy sa kanilang kabuhayan pagdating ng araw.

Ngayon, nakatuon sila sa pagbibigay ng suporta sa mga lokal ng Rosario. Nagsimula na silang maghatid ng tulong sa mga PWD at magbigay ng school supplies sa mga bata.



**"Sana, maipasa namin sa mga anak namin kasi karamihan sa mga miyembro ay nasa katandaan na. Nais naming ipaalam sa mga kabataan na hindi na nila kailangang lumayo para maghanap ng trabaho dahil nandito mismo sa Rosario ang kabuhayan," ani Alvin.**

**ALVIN VIRTUCIO**
**Chairperson**
**The Rosario Livestock Agricultural Farming Cooperative**

# TUNGO SA *malusog at masulong* NA KOMUNIDAD

NI **DINE YVE DAGANOS**



**"Lahat ng mga gawain sa farm o sa opisina, hindi ko ito iniisip na trabaho sa halip ay itinuturing ko itong tungkulin para sa komunidad. Para mapakain at magbigay ng kabuhayan sa mga kapwa mamamayan sa pamamagitan ng mga serbisyong hinahatid namin sa pederasyon".**

Ito ang pinanghuhugutan ni Divina Quemi ng lakas sa pang araw-araw na gampanin niya bilang Chief Executive Officer ng Nueva Segovia Consortium of Cooperatives (NSCC) sa Vigan City, Ilocos Sur. Si Quemi and kauna-unahang manager at CEO ng NSCC mula pa noong 1992 kung kailan narehistro ito sa Cooperative Development Authority (CDA).

Ang NSCC, na nooý nagsimula bilang Caritas, ay konsepto ng dating Archbishop ng Nueva Segovia na si Cardinal Orlando Quevedo. Tumulong naman si Monsignor Ambros Cabildo, ang nooý executive director ng Caritas, upang maisakatuparan ang planong pederasyon.

Bilang patotoo sa kanilang pananaw na mapaunlad ang buhay ng kapwa mamamayan sa pamamagitan ng sari-saring serbisyo na hatid ng kooperatiba, yumabong ang samahan at ngayo'y nangunguna na sa mga pinagkakatiwalaang national



> **Pinili naming mag-invest sa mga agricultural activities dahil sa economic potential nito para mapanatili ang kooperatiba at dahil ito rin ang bagay na nagbubuklod sa kooperatiba at mga tao sa komunidad. Kaya patuloy kaming nagsisiyasat sa mga serbisyong may kinalaman sa agrikultura katulad na lang ng aming native pig production, chicken meat production, at carabao dairying. Ito rin ang aming kontribusyon para mapanatili ang seguridad ng pagkain sa lokalidad."**

**DIVINA QUEMI**

Chief Executive Officer

Nueva Segovia Consortium of Cooperatives

consortium of cooperatives sa bansa. Naging multi-millionaire and NSCC at daan-daan na rin mula North Luzon ang natulungan nila sa pamamagitan ng kanilang mga financial, agro enterprises at marketing services, capability building or training services, tourism program, at social services (FACTS).

Noong taong 2021, unang ipinagkaloob ng DA-PCC sa Mariano Marcos State University (MMSU) sa Batac, Ilocos Norte na pinangugunahan noon ni Director Grace Marjorie Recta ang 15 na kalabaw sa pederasyon.

Ayon kay Quemi, ipinapaalala ng mga kalabaw ang kanyang kabataan. Pagkukuwento ng CEO, madalas siyang mag-joyride noon sa native na kalabaw ng kanyang lolo kung hindi ito ginagamit pang-araro sa bukid. Kaya naman noong nalaman niya mula sa DA-PCC ang potensyal ng kalabaw sa paggagatas ay nawili siya na sumubok sa dairy industry. Malaking paghahanda ang ginawa ni Quemi para sa kanilang bagong proyekto. Bumili sila ng 5 ektarya ng lupa para tamnan ng napier grass na ipapakain sa mga kalabaw. Sa kasalukuyan ay nasa 22 ektarya ng lupain ang pinangangasiwaan ng pederasyon kung saan inaalagaan ang iba't ibang livestock herds.

"Inaalagaan namin nang mabuti ang mga kalabaw hindi lang dahil sa nakapagbibigay sila ng kita sa pamamagitan ng kanilang gatas kundi dahil itinuturing din namin silang bahagi ng aming pamilya sa farm," paghahayag ni Quemi.

Maliban sa iba pa nilang serbisyo, ang NSCC ay naghahatid din ng community organizing activities sa iba't ibang karatig barangay. Nagsasagawa sila ng mga pagpupulong para sa organisasyon ng mga kooperatiba na may puso para paglingkuran ang kapwa nila sa komunidad habang kumikita.

Sa kasalukuyan ay nasa mahigit 300 ang bilang ng miyembro ng NSCC. Malayo-layo na rin ang narating ng samahan at buo ang tiwala ni Quemi na marami pa silang matutulungan na komunidad sa mga darating na taon.

"Kasabay ng pagyabong ng carabao dairy industry ay ang pagbubukas din ng mas marami pang kabuhayan para sa mga lokal na mamamayan. Sa pamamagitan din ng gatas ng kalabaw ay dadami pa ang malulusog at matatalinong bata sa komunidad," masayang paglalahad ni Quemi.



# Sa dairy may money, saksi diyan si CAMPCI!

NI **RONALINE CANUTE**




**Sa tuwing maiisip ni Ferdinand Cueva, chairperson ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija kung gaano na kalayo ang narating ng kanilang kooperatiba ngayon kumpara sa naging kalagayan nito noong dekada 90s ay ibayong galak ang bumabalot sa kanyang puso.**



Sa loob ng koop ay kakikitaan ng mga miyembrong nagpupulong, may mga abala naman sa mga papeles. Sa kanilang bakuran ay may mga nagbibilad ng palay, may abalang nagmamasa ng tinapay, at may mga nakapila para kunin ang kanilang benepisyo.

Ito ang karaniwang tagpo sa CAMPC na hindi lubos inakala ng mga nagtatag nito na makakaranas sila ng kaginhawaan. Bahagi ng kanilang kasaysayan ang malungkot na karanasan. Ang kanilang kooperatiba ay dumaan sa isang tila madilim na panahon na ang natatanging takas ay ang sumuko.  Nguni't sa panahon na inakala nilang katapusan na ng kanilang operasyon ay may biglang liwanag ng pag-asa na umusbong.

Taong 2020, mapalad ang CAMPC na mapabilang sa listahan ng mga kwalipikadong supplier ng Milk Feeding Program at ng Karabun (milk-flavored bun) ng Department of Education (DepEd).

Ang CAMPC ay nakaipon ng PHP54,497,300 mula sa 2,701,770 packs ng toned milk para sa milk feeding. Sa kabilang banda, PHP600,000 ang kanilang kinita mula sa paggawa ng 600,000 piraso ng Karabun. Sa wakas ay nagbunga na rin ang kanilang pagsisikap

**SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA**

bilang miyembro at opisyal ng kooperatiba.

Sa kasalukuyan ay 40 mula sa 131 miyembro ng CAMPC ang naggagatas. Bawa't isang litro ay binibili ng kooperatiba sa halagang PHP76.

Ayon kay Ferdinand, ang kanilang pakikisali sa feeding program at Karabun ay nakatulong sa kanila upang kanilang mabawi ang titulo ng lupa ng koop at mga utang sa bangko. Maliban pa rito, nagkaroon din ng magandang pagbabago sa buhay ng kanilang miyembro. Isa-isa niyang ibinahagi ang mga pagbabagong ito.

"Nakabili kami ng limang ektaryang lupa na nagkakahalaga ng PHP8.6 milyon. Nakakuha rin kami ng elf truck na dalawang milyong piso ang presyo at nakapagpatayo kami ng gasoline station na nagkakahalaga ng PHP1.50 milyon," pagmamalaking sabi ni Ferdinand.

Maliban pa sa mga nabanggit ay nagtayo sila ng panaderya na inilaan para sa paggawa ng mga pastry na may sangkap ng gatas ng kalabaw.

Sa kasalukuyan, ang CAMPC ay mayroong tatlong negosyo tulad ng trading, lending, at dairying. Pinatotohanan ni Ferdinand na ang dairying ang may pinakalamaking kontribusyon sa kanilang total income.

Taong 2015, binuksan ng DA-PCC ang kauna-unahang Dairy Box sa Pilipinas na matatagpuan sa Maharlika Highway, Science City of Muñoz, Nueva Ecija at ito ay ipinamahala sa CAMPC.

Bahagi ng kanilang plano sa hinaharap ang pagpapalawak at pagpapatayo ng Dairy Box upang mas lumaki ang market ng kanilang produkto.

Labis ang pasasalamat ng CAMPC kahit na sa mga kabiguan na kanilang pinagtagumpayan.

Ang CAMPC ay pinagkalooban ng "Best Dairy Buffalo Farmer Cooperative" noong ika-anim at ika-pitong National Carabao Conferences ng DA-PCC.

Isa sila sa mga nagpatunay na may tagumpay na naghihintay sa mga taong nagpupursige at nananampalataya. K












*"Minsan, kailangan din nating madapa dahil doon tayo nahuhubog. Natututo tayo kung paano magpursige at magsipag. Walang naging matagumpay nang hindi muna nabigo."*

**FERDINAND CUEVA**

Chairperson

Catalanacan Multi-Purpose Cooperative

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.

**DA-PCC K-PORTAL**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC VIRTUAL TOUR**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.




## BULL ENTRUSTMENT PROGRAM

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

## TRAINING AND TECHNICAL ASSISTANCE

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

## COMMUNITY DEVELOPMENT

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

## FROZEN BUFFALO SEMEN DISTRIBUTION

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

## PRODUCTION OF QUALITY FEEDING STOCKS

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

## LABORATORY SERVICES

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

## ARTIFICIAL INSEMINATION (AI)

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.